LUNGSOD NG GARDEN GROVE

PANGKALAHATANG PAUNAWA HINGGIL SA ELEKSYON

SA PAMAMAGITAN NITO, BINIBIGYAN NG PAUNAWA, alinsunod sa batas, ang mga kwalipikadong manghahalal ng Lungsod ng Garden Grove na magsusumite sa mga botante, sa Pangkalahatang Munisipal na Eleksyon sa Lungsod na gaganapin sa Martes, Nobyembre 6, 2018 ng Ordinansang magpapataw, kung pagtitibayin, ng isang porsyentong (1%) buwis sa mga transaksyon at paggamit (pagbebenta) sa kita ng lahat ng nahahawakang personal na ari-ariang maibebenta nang retail sa Lungsod, kung saan maaaring gamitin ang mga makokolekta para sa pangkalahatang layunin ng pamahalaan ng Lungsod kasama ang pagbibigay ng epektibong 9-1-1 na serbisyong pang-emergency upang hindi kaltasan ang badyet ng pulisya/mga bumbero/paramedic o nagpapatrol na pulisya sa komunidad, maiwasan ang mga gang/ipinagbabawal na gamot, maprotektahan ang mga supply ng lokal na iniinom na tubig, maisaayos ang mga kalsada/pothole, matugunan ang kawalan ng tirahan, masuportahan ang mga opsyon sa abot-kayang pabahay, at maprotektahan ang mahahalagang serbisyo ng lungsod. Ang panukala ay pinamagatang "Pampublikong Kaligtasan/9-1-1 at Mahahalagang Serbisyo ng Lungsod ng Garden Grove." May naka-file na kopya ng ipinapanukalang ordinansa sa City Clerk, at makakakita rin nito sa website ng Lungsod bilang attachment sa ulat ng item na na-present sa Konseho ng Lungsod sa pulong nito noong Hulyo 24, 2018.

Dapat ihain ng sinumang gustong magsumite ng direktang argumento para sa o laban sa panukala sa balota ang kanyang argumento sa Clerk, 11222 Acacia Parkway, Garden Grove, California 92840 sa o bago sumapit ang Agosto 7, 2018, at hindi dapat ito lumampas sa 300 salita. Ang anumang salungat na argumento para sa o laban sa panukala sa balota ay dapat ihain sa City Clerk bago sumapit ang Agosto 17, 2018 at hindi dapat lumampas sa 250 salita. Ang mga argumentong ipi-print at ipapamahagi sa mga botante ay pipiliin ayon sa seksyon 9287 ng Kodigo ng Eleksyon.

/s/ TERESA POMEROY, CMC

City Clerk

Petsa: Hulyo 25, 2018

Paglimbag: Hulyo 27, 2018